



ANG MGA PANGALAN NG ALLAH

Sa Islam ay walang pari, mananalangin sa Allah ang isang mananampalataya araw-araw at direkta na wala ng mamamagitan. Kabilang sa siyamnaput-syam na kilalang mga pangalan ng Allah ay ang napakaraming mga pagpapares: Ang Una, at ang Huli. Ang Tagapagbigay ng Buhay, at Tagabawi ng Buhay. Ganun pa man, kahit isa sa mga pangalan na ito ay ang Malapit, walang pangalan ang Allah na naglalarawan sa kalayuan niya, na kung saan ang Allah ay nagwika: *Kami ay mas malapit sa kanya (sa pamamagitan ng ganap na kaalaman) kaysa sa kanyang ugat sa leeg (na itong ugat na ito sa leeg ay karugtong ng puso) (50:16).*

Itong mga siyamnaput-siyam na pangalan na naihayag sa Propeta Muhammad (SAW) ay hindi naglalayon na limitahan ang perpektong katangian ng Allah, ngunit para lamang matulungan ang mananampalataya na makakuha ng malalim na pagintindi sa banal na katotohanan patungkol sa diyos na kung saan ang mga pangalan na ito ay hindi naghihiwalay sa sarili ng Allah. Sya rin ang Tagahatol at ang Makatarungan, ang Tagapaghiganti at Tagapagpatawad. Sakop ng dakilang pangalang Allah ang lahat ng ibig sabihing ito at marami pang iba. Ang katangian na kanya ring lagi-laging inihahayag ay ang Maawain (Al Rahman). Na kung saan halos bawat kabanata ay nagsisimula sa pamamaraang: *Sa ngalan ng Allah ang Maawain ang Mahabagin.*

Ang Awa ng Allah

Hindi nagkataon na ang katangiang Maawain, sa Arabik, ay mula sa salitang ugat na kapareho din ng salitang tawag sa sinapupunan ng ina. Ang pinakamalapit na maaring magpaliwang sa kaunting awa ng diyos ay ang awa ng ina sa kanyang anak. Minsang itinuro ng Propeta Muhammad ang isang nagpapasuso at kanyang tinanong ang kanyang mga kasamahan: “sa tingin nyo ba na maitatapon ng ina na ito ang kanyang anak sa apoy?” Kanilang sinabi: “hindi, sumpa sa Allah hindi niya gagawin iyon kung papipiliin sya” at kanyang sinabi: “tunay na ang Allah ay mas maawain kaysa sa Ina na iyan sa kanyang anak”.

Sa ibang hadith, naiulat na kahit ang pinaka matinding awa ng isang ina ay isa lamang maliit na parte ng kabuuan ng awa ng diyos. “Hinati ng Allah ang kanyang awa sa isang daang parte, pinanatili nya ang siyamnaput syam at ibinaba naman nya sa kalupaan ang isang parte. Sa pamamagitan ng isang parte na ito ay nakikitungo ang mga linikha sa isa’t isa, maging ang hayop na kanyang pinangtatakip ang kanyang paa sa kanyang anak nang sa gayo’y hindi masaktan ito.